# Balitang Manmin

BILANG 187 SETYEMBRE 17, 2017

# Nagkaisa ang Manmin Dahil sa Pag-ibig at Kapangyarihan ng Diyos!

## Dinaluhan ng mga Taong Mula sa 37 mga Bansa ang Retreat sa Tag-init ng Manmin 2017



Noong Agosto 7-10, idinaos ang Retreat sa Tag-init ng Manmin sa Deogyusan Resort sa Muju, Jeonbuk, at ang Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ang naging tagapagsalita. Ito ay ipinalabas sa GCN at dinaluhan ng may 1,100 na mga obispo, pastor, at mga mananampalataya mula sa 37 mga bansa.

Ang pinakatema ng retreat ay "Power" na batay sa Juan 14:12, isinalin ito sa 13 wika; English, Chinese, Japanese, Russian, Spanish, French, Thai, Hindi, Tamil, Tagalog, Indonesian, Mongolian, at Vietnamese.

Ang sign language ay isinalin din sa siyam na wika para sa mga binging miyembro mula sa loob at labas ng Korea. Ang siyam na wikang salin ay Korean, Malaysian, Thai, Latvian, Danish, Faroes, German, Austrian, at Chinese.

### Mga Kamangha-manghang Pangyayari: Lumihis ang Bagyo at Nagbago ang Temperatura

Bago idaos ang retreat, may paparating na bagyo sa South Korea, panlima na ito at tinawag itong Bagyong Noru. Sinabi sa balita na mararamdaman na ang bagyo pagdating ng Agosto 7 sa ilang lugar at hindi gaano sa iba, pero magiging maulan sa buong Korea. Noong Agosto 3, idinalangin ni Dr. Lee na mawala ang bagyo o lumihis. Pagkatapos niyang manalangin, gumalaw ang bagyo patungo sa silangan, hindi ito ang inasahan. Nawala ang epekto nito sa Korea. Noong Agosto 4, nanalangin muli siya, 100km na ang inilayo ng bagyo at humina pa ito.

Gaya ng sinabi ni Dr. Lee sa pagsamba noong Agosto 6, nanatili ang temperatura sa 25-26 degrees celsius sa pinagdausan ng retreat. Ito ay dahil sa kapangyarihan ng Diyos na nakapagdadala ng malamig na hangin at mga ulap. Bukod dito kahit nagbigay ng babala ang kinauukulan tungkol sa matinding init ng panahon sa buong bansa, hindi ito nangyari sa Muju. Noong Agosto 10, pagkatapos ng lahat ng laro, tumaas ang temperatura sa mahigit sa 30 degrees celsius, nadamang muli ng mga miyembro ang pag-ibig ng Diyos na nagpoprotekta sa Manmin tulad ng pag protekta Niya sa mga Israelita sa Goshen.

### Napakalaking Kapangyarihan: Gumaling ang mga Karamdaman at Naipakita ang Espirituwal na Mundo

Sa seminar sa unang araw, ipinangaral ni Dr. Lee ang tungkol sa Diyos, pinamagatan ang mensahe niya ng, "God is Spirit" (batay sa Juan 4:24). Sinabi niya na walang imposible para sa Diyos, batid Niya ang laman ng puso ng mga tao, at nais Niyang sila ay maging banal at magkaroon ng malaking kaluwalhatian.

Sa Pagpupulong na may Pagpapagaling ng Diyos, naghandog sila ng papuri at panalangin ng pagsisisi. Pagkatapos, idinalangin ni Dr. Lee ang lahat ng dumalo at ang mga manonood ng GCN at ng internet para maitaboy ang lahat ng negatibong saloobin at puwersa ng kadiliman, ang pagbabago ng kalooban, nawa ay mapalitan ito ng espirituwal na pananampalataya para tumanggap sila ng mga kasagutan. Idinalangin din niya na sunugin ng Banal na Espiritu ang lahat ng klaseng karamdaman at kahinaan, lahat ng klase ng kanser at sakit sa pag-iisip, magsigaling nawa sila sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos na lumalampas sa lugar at panahon.

Sa retreat na ito, sumabay ang makapangyarihag panalangin ni Dr. Lee sa orihinal na liwanag at tunog. Nakalaya ang mga nagdurusa mula sa pagsapi ng demonyo. Dahil nakita ng mga miyembro kung paano sila lumaya, natanto nila kung paano tinutukso ng kaaway na diyablo at Satanas ang mga tao para magkasala sa papalapit na pagwawakas ng panahon, at kung paano sila hinihikayat na magpakamatay para dalhin sila sa Impiyerno. Ipinakita ng Diyos sa kanila ang mga ito para sumunod sila sa Salita Niya at magsulong ng buhay na makadiyos.

Maraming tao rin ang gumaling mula sa kanilang mga karamdaman tulad ng basag na buto, mukhang naparalisa, pamamaga, hypothyroidism, at biglang pakabingi. Maraming binging miyembro ang nakarinig.



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

# Diyos na Nagpapagaling (2)

"Na sinasabi, 'kung iyong diringgin ng buong tiyaga ang tinig ng PANGINOON mong Diyos, at iyong gagawin ang matuwid sa Kanyang mga mata, at iyong susundin ang Kanyang mga utos, at iyong tutuparin ang lahat ng Kanyang mga batas, wala Akong ilalagay na karamdaman sa iyo na gaya ng inilagay Ko sa Ehipcio; sapagkat Ako ang PANGINOON na nagpapagaling sa iyo.'"
(Exodo 15:26)

•••

Kahit sino ay pwedeng gumaling sa lahat ng klaseng karamdaman kung lulutasin nila ang problema nila sa kasalanan at magtitiwala na walang imposible para sa Diyos. Pag-aralan natin kung anong dapat nating gawin para mapagaling.

## Una, Buwagin Mo Agad ang Pader ng mga Kasalanan

Mababasa sa Isaias 59:1-2, "Narito, ang kamay ng PANGINOON ay hindi maikli na di makapagligtas; ni hindi mahina ang Kanyang pandinig, na ito'y di makarinig. Ngunit pinaghihiwalay ng inyong mga kasamaan kayo at ang inyong Diyos, at ang inyong mga kasalanan ay siyang nagkubli ng Kanyang mukha sa inyo. Anupa't Siya'y hindi nakikinig."

Ibig sabihin, dahil sa pader ng kasalanan sa pagitan mo at ng Diyos, hindi Niya sasagutin ang mga panalangin mo. Kaya para maranasan mo ang kapangyarihan Niya, magsisi ka nang lubusan, wasakin mo ang pader at talikuran mo ang kasalanan. Ano ang mga dapat mong pagsisihan?

### 1) Pagsisihan mo na hindi ka nagtiwala sa Diyos at hindi mo tinanggap si Jesu-Cristo

Nilalang tayo ng Diyos, iniibig Niya tayo. Isinakripisyo Niya ang bugtong na Anak Niya para pambayad sa kasalanan natin. Pinakamalaking kasalanan kung hindi mo pinaniwalaan ang dakilang pag-ibig na ito ng Diyos. Kapag nalaman mo na malaking kasalanan ito, magsisi ka, pagkatapos, tanggapin mo si Jesu-Cristo bilang Tagapagligtas. Ibibigay ng Diyos sa iyo ang Banal na Espiritu bilang kaloob. Kapag nasa'yo na ang Banal na Espiritu, susunugin Niya ang ibang karamdaman sa apoy at agad itong magiging malinis.

### 2) Kung tinanggap mo ang Panginoon pero may mga karamdaman ka pa rin, magsisi ka dahil hindi tapat ang pananampalataya mo

Kahit sinasabi mo na nananampalataya ka sa Diyos at nagsisimba ka, baka hindi totoo ang pananampalataya mo sa Diyos at hindi mo pa tinatanggap ng buong puso ang Panginoon bilang Tagapagligtas. Hindi lubos ang paniniwala mo sa pagpapagaling ng Banal na Espiritu o kaya kung may problema ka, sa mundo ka umaasa sa halip na sa Diyos.

Sa 2 Mga Cronica 16, nagtiwala si Haring Asa sa Diyos at nakaranas siya ng mga kamangha-manghang kapangyarihan Niya sa simula pa lang ng paghahari niya. Pero naging masamang hari siya, lumayo siya sa Diyos. Sinasabi sa 2 Mga Cronica 16:12, "Nang ikatatlumpu't siyam na taon ng kanyang paghahari, si Asa ay nagkaroon ng karamdaman sa kanyang mga paa; ang kanyang sakit ay naging malubha. Gayunman, maging sa kanyang pagkakasakit ay hindi niya hinanap ang PANGINOON, kundi humingi ng tulong sa mga manggagamot."

Ang Diyos ang ating Ama. Punung-puno Siya ng pag-ibig at Siya ang Pinakamakapangyarihan. Kung tunay at totoo ang pananampalataya mo sa Diyos, sa Kanya ka lang aasa. Kung aasa ka sa mundo, ibig sabihin, hindi tunay ang pananampalataya mo.

Kung nararanasan mo ang mga bagay na binanggit, magsisi ka, pagsisihan mo na hindi kayo lubos na nagtiwala sa Diyos. Sa Diyos ka dapat magtiwala, at ipakita mo ang espirituwal na pananampalataya mo sa Kanya. Tiyak na sasagutin ka Niya.

### 3) Pagsisihan mo ang hindi mo pagsunod sa mga Utos ng Diyos

Sinasabi ng 1 Juan 5:3, "Sapagkat ito ang pag-ibig ng Diyos, na ating tuparin ang Kanyang mga utos at ang Kanyang mga utos ay hindi pabigat." Sinasabi ng unang bahagi ng Kawikaan 8:13, "Ang takot sa PANGINOON ay pagkamuhi sa kasamaan." Kahit sinasabi mong sumasampalataya at minamahal mo ang Diyos pero nagkakasala ka pa rin, nagsisinungaling ka (1 Juan 5:3).

Hindi ka tatanggap ng sagot sa mga dalangin sa pagpapagaling sa iyo at sa mga biyaya hangga't hindi mo sikaping sundin ang mga iniuutos ng Diyos na nagsasabi sa iyo na gawin, huwag gawin, sundin, at iwaksi ang mga bagay. Kaya pagsisihan mo ang pagsuway mo sa mga utos, pagsisihan mo na wala kang pagmamahal sa ibang tao, at hindi ka naging tapat sa gawain. Kung magsisisi ka at mabubuhay ayon sa Salita Niya, at mamahalin ang Diyos, pagagalingin ka Niya at sasagutin ang mga dalangin mo.

### 4) Pagsisihan ang kagustuhang may anihin nang hindi naman nagtatanim

Sinasabi ng Galacia 6:7, "...ang anumang ihasik ng tao, ay siya rin niyang aanihin." Ibig sabihin, magtanim ka ng pananampalataya sa Diyos kung gusto mong tumanggap ng mga biyaya mula sa Kanya. Sa madaling salita, magtanim ka ng binhi tulad ng oras, pagsisikap, at lakas at sigla ng katawan. Halimbawa, sumamba ka sa espiritu at katotohanan, maging tapat sa paglilingkod para sa kaharian ng Diyos, magbigay ng ikapu at magpasalamat.

Mababasa sa Mateo 6:21, "Sapagkat kung nasaan ang iyong kayamanan, naroon din naman ang iyong puso." Tatanggapin ng Diyos ang mabangong samyo ng puso mo na siyang dahilan ng paglilingkod mo, sa halip na ang paglilingkod mo mismo ang tanggapin, o ang halaga ng pera na ibibigay. Kung bibigyang lugod mo ang Diyos sa pamamagitan ng mabangong samyo ng puso mo darating agad ang pananampalataya, pag-ibig, at mga biyaya.

Kung mahal mo ang Diyos, magiging masigasig ka sa pagtatanim ng pananampalataya kahit wala kang problema o hinihingi kundi dahil nagpapasalamat ka sa kaligtasan, at sa pag-ibig at pagpapala ng Diyos. Isipin mo, 'Ano kayang pwede kong maibigay, paano ko kaya babayaran ang pagpapalang ibinigay sa akin?' Kapag ganito ang nadadama ng puso mo, mananalangin ka nang mas maalab, maglilingkod ka nang mas tapat, at maghahandog sa Diyos. Ang biyayang tatanggapin mo ay kasing laki o mas malaki sa ibinigay mo. Kung may problema ka na nangangailangan ng espesyal na kasagutan, itanim mo ang binhi ng mas malaking pananamplataya.

## Pangalawa, dapat magkaroon ka ng espirituwal ang pananampalataya kapag pinagaling ka Niya

Sinasabi ng Isaias 53:5, "...at sa pamamagitan ng Kanyang mga latay ay gumaling tayo." Walang anumang kasalanan si Jesus. Pero, nilatigo Siya at dumanak ang mahalagang dugo Niya para tubusin tayo mula sa mga kasalanan natin. Sa sandaling hilingin mo at manampalataya na pagagalingin ka dahil iniibig ka ng Panginoon mong Manunubos, ipahayag mo na magaling ka na, magalak ka, at magpasalamat. Bibigyan ka ng Diyos ng espirituwal na pananampalataya para tanggapin ang mga kasagutan.

Tandaan mo na magkakaiba ang paraan at tiyempo ng pagsagot sa bawat tao. May mga gumagaling agad kapag idinalangin, pero may mga nangangailangan ng mas mahabang panahon para lubos na gumaling. Kumikilos ang Diyos ayon sa nilalaman ng puso at kalagayan ng bawat isa. Sabihin nating matatag at matibay ang isang tao bilang Cristiano pagkatapos niyang pagalingin. Kahit maliit ang pananampalataya niya, agad niyang tatanggapin ang kasagutan. May mga taong dahan-dahan ang paggaling habang lumalago ang kanilang pananampalataya, o kaya, gagaling ang ibang tao kapag matagal na silang nananampalataya. Ang dahilan nito ay sapagkat kaligtasan ng kaluluwa ang pinakalayunin ng Diyos sa pagpapagaling ng mga karamdaman. Kaya kung magaling ka na, pagkatapos, nagkasala kang muli, baka bumalik ang karamdaman mo.

Sa Juan 5:14, sinabi ni Jesus, "Tingnan mo, ikaw ay gumaling na; huwag ka nang magkasala, baka may mangyari pa sa iyo na lalong masama." Ibig Niyang sabihin, kahit gumaling ka sa pamamagitan ng pananampalataya, baka magkasakit ka ulit ng mas malala kung magkakasala kang muli. Kaya napakamahalaga na sikapin mong sundin ang Salita ng Diyos kapag napagaling ka na. Kapag ang puso mo ay tapat kung may hihingin ka, mabilis kang sasagutin ng Diyos, bibigyan ka Niya ng masaganang biyaya.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, kung magtitiwala kayo ng buong puso sa Diyos at magsisisi, hindi na ninyo uulitin ang kasalanan. Siyempre, hindi ninyo lubos na masusunod ang Salita ng Diyos. Pero kung mananalangin kayo at magsisikap, palalakasin Niya kayo para magawa ninyo ito. Bibigyan Niya kayo ng espirituwal na pananampalataya, pagagalingin Niya kayo, at ibibigay Niya ang mga kasagutan sa mga hinihiling ninyo. Bibiyayaan Niya ng kasaganahan ang kaluluwa ninyo, pagtatagumpayin Niya kayo sa lahat ng bagay, bibigyan Niya kayo ng mabuting kalusugan. At kapag natapos ang buhay ninyo dito sa mundo, dadalhin Niya kayo sa walang hanggang Langit.

Hinihikayat ko kayong tandaan na ang kaligtasan ay mas mahalaga sa pagpapagaling at mga kasagutan. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na tanggapin nawa ninyo ang mga kasagutan sa lahat ng mga dalangin ninyo.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)
"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Pagdiriwang ng Pagpapala sa Dakilang Natural na Kagandahan

# “Umapaw ang mga Kasagutan at Biyaya!”

Sa Retreat sa Tag-init ng Manmin, nagtipon ang lahat ng miyembro ng Manmin mula sa lahat ng lugar ng Korea at buong mundo, naranasan nila ang pagsagot ng Diyos sa mga hiling at mga biyaya.
Pasalamatan natin ang Diyos sa mga patotoo ng mga pinagaling mula sa mga karamdaman sa mga idinaos na retreat.

## Retreat sa Tag-init 2013



### “Nakarinig ang Anak Kong Babae!”

**Diakonesa Ginger Kean Brand, 33 taong gulang, Penang Manmin Deaf Church, Malaysia**

Kaming mag-asawa ay bingi. Maalab ang pagnanais namin na hindi magmana sa amin ang anak naming babae. Pero noong Abril 2013, nakita sa pagsusuri na magiging bingi din ang anak naming si Skyla. Masama ang loob namin, pero nanampalataya kami na gagaling siya kung tatanggapin namin ang panalangin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee. Hindi kami nawalan ng pag-asa. Pinaghandaan namin ang Retreat sa Tag-init ng Manmin.

Noong Hulyo 29, 2013, pumunta kami sa Korea. Habang nasa pulong panalanging Daniel kami, biglang sumigaw si Skyla. Lumingon-lingon siya, at naglilikot. Kadalasan, kalma lang siya, hindi siya malikot. Noong Agosto 2, pagkatapos idinalangin ng Punong Pastor, ginagamit na niya ang mga daliri niya para maipaalam sa ibang tao ang gusto niyang sabihin.

Noong Agosto 5, 2013, dumalo kami sa isang seminar sa retreat. Pagkatapos maghatid ng mensahe, idinalangin ng Punong Pastor ang mga maysakit, may nangyaring himala sa amin. Nang tanungin ang anak ko, tumango siya. Nang tawagin ang pangalan niya, lumingon siya, Hinanap niya kung sinong tumawag sa kanya. Napakasaya ko, umakyat ako sa entablado para magpatotoo tungkol sa paggaling niya, napaiyak ako. Hallelujah!


Kami at si Skyla, Taong 2017

Limang taong gulang na si Skyla, lumalaki siyang matalino at aktibo dahil sa Panginoon. Bukod dito, sa ginanap na retreat ngayong taon, nakarinig na din ng mas maliwanag ang kaliwang tainga ko. Lahat ng pasasalamat at kaluwalhatian ay tanging para sa Diyos lang.

## Retreat sa Tag-init 2014



### “Mula sa France, Bumalik Ako sa Korea, may Inaasahan!”

**Kapatid Bien Rouen Lileu, 46 taong gulang, Il-de-France Manmin Church**

Sumasabay ako sa pagsamba ng Manmin Central Church sa GCN (www.gcntv.org) sa Paris, France. Kasama ko ang mga taong gusto ring makarinig ng ebanghelyo ng kabanalan. Tuwing bibisita ako sa Korea, tumatanggap ako ng mga kamangha-manghang mga biyaya.

Noong Hunyo 2014, nang makipagkamay ako sa Punong Pastor Dr. Jaerock Lee, gumaling ang impeksyon sa tainga at gilagid ko, pati ang eksema ko. Pagsapit ng Agosto, gumaling ang namamagang mga ugat sa binti ko habang nasa Retreat sa Tag-init ng Manmin ako. Napakalala ng kalagayan kong ito, binalutan ko ng gasa ang mga binti ko sa loob ng limang taon at uminom ako ng pantanggal ng kirot. Hindi ako nagsusuot ng palda, gusto kong itago ang mga binti ko. Pero lubos akong gumaling mula sa kalagayang ito. Hallelujah!

Sa Retreat sa Tag-init ng Manmin 2015, bumaba sa akin ang apoy ng Banal na Espiritu, naging mainit ang buong katawan ko, gumaling ang impeksyon sa anit ko. Siyam na buwan na ang pangangati ng ulo ko dahil dito. Nagkaroon ng maliliit na pigsa, dugo, at sugat ang anit ko, pero naging malinis ito habang nasa retreat ako.


Sa Muju, Taong 2017

Dahil ibinubuhos ng Diyos ang pagpapala Niya sa akin, hindi malayo para sa akin ang distansya ng Korea mula sa France. Nagpapasalamat ako sa Diyos at niluluwalhati ko Siya, binibigyan Niya ako ng masaganang pagpapala.

## Retreat sa Tag-init 2015



### “Gumaling ang Anak Ko Mula sa Autism!”

**Diakono Junok Kim, 41 taong gulang, Parokya 12, Manmin Central Church**

Ang anak kong lalaki ay nasuring kulang sa intelektuwal na kakayahan noong siya ay isang taon at walong buwang gulang. Sinabing siya ay autistic. Hindi ipinaliwanag ng doktor kung ano ang dahilan nito, pero naringig ko sa iglesya na ang dahilan ng ganitong kakulangan ay kasalanan ng mga magulang. Kapag nagpakabanal ang mga magulang, gagaling ang anak nila. Nagbalik-tanaw ako sa naging buhay ko bilang isang mananampalataya. Hindi ko sinunod ang Araw ng Panginoon noon, sinasabi kong abala ako sa ibang bagay.

Sinimulan kong daluhan ang pulong panalanging Daniel kasama ang asawa ko. Nagsisi ako gabi-gabi, at tinanggap ang panalangin ng Punong Pastor para sa mga maysakit para sa anak ko tuwing may pagsamba. Hindi nagtagal, nakakatingin at nakikinig na sa amin ang anak ko kapag kinakausap namin siya, hindi niya ginagawa ito dati. Habang naibabalik ko ang pananampalataya ko sa Diyos, bumubuti ang kalagayan ng anak ko. Muling sinuri ng doktor ang kalagayan niya bago namin siya ipasok sa elementarya. Ayon sa resulta ng pagsusuri, normal ang lahat maliban sa pagsasalita. Mas magaling siya sa matematika at sa ibang aralin kaysa sa ibang bata. Hindi makapaniwala ang mga doktor.

Noong Agosto 2015, mas bumuti pa ang kalagayan niya habang nasa Retreat sa Tag-init ng Manmin. Kasama ko siyang umakyat sa entablado para magbahagi ng patotoo. Bumubuti ang intelektuwal na kakayahan ng anak kong si Minseong, lumalaki siyang matalino at may pagmamahal sa kapwa. Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos.


Sa Muju, Taong 2017

## Retreat sa Tag-init 2016



### “Nagbago ang Buhay Ko nang Pagalingin ang mga Ugat sa Mata Ko!”

**Diakono Changho Ma, 55 taong gulang, Parokya Chinese, Manmin Central Church**

Naging malabo ang mga mata ko dahil ang lugar ng trabaho ko ay hindi maganda. Apat na taon na ang nakaraan nang biglang lumabo ang kaliwang mata ko. Mayroong itim na linya akong nakikita sa gitna ng mata ko. Kapiraso na lang ang nakikita ko sa matang ito. Sinabi ng doktor na may pumutok na ugat sa may retina at kailangan akong maoperahan. Natakot akong baka tuluyan mabulag ang mata kong ito kapag hindi nagtagumpay ang operasyon. Dahil sa takot, tiniis ko ang problemang ito kahit hindi kumportable ang pakiramdam ko. Lumala ang kondisyon ng matang ito, halos hindi na ito makakita. Nahirapan akong gampanan ang mga gawain ko sa araw-araw.

Samatala, dinaluhan ko ang Retreat Sa Tag-init ng Manmin 2016. Sa pulong na may banal na pagpapagaling, umawit kami ng mga awiting papuri at pagsisisi. Pumikit ako at nagsisi dahil naging makamundo ako at sinuway ko ang Salita ng Diyos. Umiyak ako ng umiyak. Nang tanggapin ko ang panalangin ng Punong Pastor, ibinukas ko ang mga mata ko para punasan ang mga luha ko. Pero, nagulat ako, nawala na ang itim na linyang nakikita ng kaliwang mata ko at malinaw kong nakikita ang mga bagay sa paligid! Hallelujah!

Ang paningin ko ay 0.3/1.5 noon, pero ngayon, bumuti na ito, 1.5/1.5. Malinaw na ang lahat ng nakikita ko. Umaasa ako na magiging bunga ito ng pagbabagong buhay bilang miyembro ng Manmin. Lahat ng pasasalamat at luwalhati ay para sa Diyos ng pag-ibig.


Taong 2017

# Palaro ng Manmin: Pinalakas ng Malamig na Simoy ng Hangin ang mga Puso at Katawan Namin!

Sa ikalawang araw ng Retreat sa Tag-init ng Manmin 2017, idinaos ang kumpetisyon at palaro. Naglabanlaban ang First Great Grand Parish kasama ang Parokyang Chinese at mga Parokya sa ibang bansa, ang Second Great Grand Parish, Third Great Grand Parish, at ang grupo ng mga sangay na iglesya.

Pinaglabanan nila ang 24 gintong medalya sa sampung laro: tug-of-war, balloon rolling, badminton, 100m takbuhan, volleyball, mini soccer, karera sa takbuhan, wrestling, arm wrestling, at mga relay race.

Para sa taong ito, ang grupo ng mga sangay na iglesya ang nanalo. Nakamit nila ang labindalawang gintong medalya. Ang premyo sa Cheerleading Performance ay nakamit ng Third Great Grand Parish. Ang MVP, isang lalaki at isang babae, ay iginawad kina Ketupei Jacob at Mwendwa Catherine, pareho silang miyembro ng Nairobi Manmin Holiness Church.

Mas naging masaya ang mga miyembro sa kumpetisyon dahil tinakpan ng Diyos ng ulap ang araw, nagbigay din Siya ng malamig na simoy ng hangin. Masaya ang lahat para sa mga nananalo sa bawat kumpetisyon. Naglabanlaban sila pero may pagkakaisa, kabutihan, at kapayapaan dahil sa pag-ibig ng Panginoon.



# Pagsamba at Papuri sa Paligid ng Campfire: Bumaba ang Apoy ng Banal na Espiritu Habang Nagpupuri sa Diyos!

Sa ikatlong araw, nanguna ang Punong Pastor Dr. Jaerock Lee sa pagsamba at papuri sa paligid ng campfire, sinabayan siya ng mga katuwang na lider na sina Pastor Yuri Do at Kapatid na Jeongeun Kim. Ang Komite ng Sining ang nagsaayos ng okasyon, may tema itong, 'Pagsamba at Papuri' (I Love You, Flock of Manmin). Sa kaganapang ito, inalala ng mga miyembro ang pag-ibig at sakripisyo ng pastol na tumutulong sa kanila na magsikap na sumulong patungo sa kastilyo sa Bagong Jerusalem. Ang konsepto ng okasyon ay para maipahayag ng mga taong naging bunga ng pagsasakripisyo ng pastol na sumamba at magpuri sa Diyos nang magkakasabay sa kastilyo niya sa Bagong Jerusalem.

May dalawang bahagi ang entablado, loob at labas. Ipinapakita nito ang mundo at ang lugar ng pastol, kadiliman at kaliwanagan. May dalawang telon: may malaking telon at ang isa ay hugis krus, na sumisimbulo ng daan sa pagitan natin at ng Diyos.

May mga espesyal na pagtatanghal. Mayroong Sand Animation, ipinakita nito ang pangitain ng Manmin na umaabot sa buong mundo sa pamamagitan ng kapangyarihang baguhin ang isang bagay na nalikha na. Nagtanghal ang mga miyembro ng Komite ng Sining ng kanta at sayaw na may titulong "All People of All Nations."

Sa simula ng gawain, sinabi ng Punong Pastor sa mga dumalo na bababa ang apoy ng Banal na Espiritu at may magaganap na pagpapagaling, pagsagot sa mga hiling, at pagbibigay ng mga biyaya. Idinalangin niya ang mga dumalo na magkaroon ng mas malaking pag-asa na makapasok sa Bagong Jerusalem at maging mas masigasig sa pagsulong. Inihandog nila ang kanilang mga puso sa mga kantahan at sayawan.




## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
168 West Riverside St., Brgy. San Antonio, San Francisco Del Monte, Quezon City, Metro Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
0977-329-4789

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
0977-329-4789

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 / 0916-674-3903 / 0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714